Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 212-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD - KGG. GILBERT T. GATCHALIAN NA MAPAGKALOOBAN NG "ASSISTANCE' O' TULONG PINANSYAL SA HALAGANG DALAWANG LIBONG PISO (Php2,000.00) ANG LAHAT NG UV EXPRESS DRIVERS AT OPERATORS NA NANINIRAHAN SA LUNGSOD NG MALOLOS NA LUBHANG NAAPEKTUHAN NG PANDEMYANG COVID-19 SANG-AYON SA CITY ORDINANCE NO. 10-2020.

AKDA NI: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
AT NG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS

SAPAGKAT, noong ika-16 ng Marso 2020 ay nagsimulang isailalim ang Luzon sa Enhanced Community Quarantine dulot ng pagkalat ng pandemyang COVID-19 kung saan ay kasama sa mga ipinagbabawal ang pagbyahe ng lahat ng uri ng pampublikong transportasyon;

SAPAGKAT, kahit sa kasalukuyan na nasa ilalim na ng Modified General Community Quarantine ang Lungsod ng Malolos ay malaki pa rin ang bilang ng mga kababayan nating lubhang naaapektuhan;

SAPAGKAT, kamakailan ay naglabas ng pahayag ang Land Transportation and Regulatory Board (LTFRB) kung saan ay pinapayagan nang bumiyahe ang mga UV Express sa iba't-ibang ruta, papasok at palabas ng National Capital Region (NCR) simula 29 Hunyo, 2020 alinsunod sa mga patakarang pangkalusugan na ipinatutupad sa LTFRB Memorandum Circular No. 2020-025;

SAPAGKAT, bagamat malaki ang pangangailangan sa ganitong uri ng transportasyon ng mga mananakay mula sa Lungsod ng Malolos ay hindi pa rin napapasama sa listahang inilabas ang mga UV Express na may biyaheng Malolos patungo sa iba't-ibang terminal sa kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, noong 29 Hunyo, 2020 ay nakapagpapasa ng Kapasiyahan ang Sangguniang ito at noong 08 Hulyo, 2020 ay nakapagpadala na sa pamamagitan ng LBC ng kopya nito sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board na humihiling na mapasama sa listahan ng mga makakabiyaheng pampublikong transportasyon ang mga UV Express na magmumula sa Lungsod ng Malolos bagamat wala pang tugon hanggang sa kasalukuyan;

SAPAGKAT, mahigit anim (6) na buwan na ring walang hanapbuhay ang may humigit-kumulang pitumpung (70) UV Express drivers na may mga lehitimong prangkisa, upang makabiyahe mula sa Lungsod ng Malolos at ilang terminal sa kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika 7160 o' mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong sa kagalingang panlipunan;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, itinatadhana rin ng Seksyon 22 ng City Ordinance No. 10-2020 o' mas kilala bilang 'COVID Ordinance ng Lungsod ng Malolos' na maglaan ng "*Living Assistance for Affected Workers*" kabilang ang mga apektadong drayber ng pampublikong transportasyon;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na magalang na hilingin sa Punong Lungsod Kgg. Gilbert T. Gatchalian na mapagkalooban ng "Assistance" o' tulong pinansyal sa halagang Dalawang Libong Piso (Php2,000.00) ang lahat ng UV Express drivers at operators na naninirahan sa Lungsod ng Malolos na lubhang naapektuhan ng Pandemyang COVID-19 sang-ayon sa City Ordinance No. 10-2020.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020